**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-297**

**KAPASIYAHAN NA NAG-AATAS SA TANGGAPAN NG PANGKALUSUGAN AT TANGGAPAN NG KAALAMANG PAMPUBLIKO SA PAMAMAGITAN NG PUNONGLUNGSOD NA MAGSAGAWA NG MADALIANG HAKBANG UPANG IPATUPAD ANG PAGBABAWAL NG PAGTITINDA O PAGBIBILI, PAGBIBIYAHE AT PAGKAIN NG TAHONG, HALAAN, TALABA AT IBA PANG KAURING LAMANG DAGAT (SHELL FISH) NA HINAHANGO SA KABUUAN NG AREA NG MANILA BAY HABANG HINDI NAAALIS ANG PANGKALAHATANG PAGBABAWAL (TOTAL BAN) NA IPINALABAS NG NATIONAL INTER-AGENCY ON RED TIDE TASK FORCE.**

*************************************************************************************

Ipinanukala ng: **LAHAT NG MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

*************************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan ay nagpalabas ng Memorandum na nagbabawal ng paghango at pagbibili ng Shellfish;

**SAPAGKAT,** sa ulat ng Kagawaran ng Pangkalusugan, sa tatlumput anim (36) na kaso ng nakakain ng ipinagbabawal na lamang dagat (shellfish), dalawa rito ay kumpirmadong namatay;

**SAPAGKAT,** upang maiwasan ang pagkakaroon ng katulad na insidente bunga ng nakakamatay na lasong dala o red tide toxin na nakukuha sa pagkain ng binabanggit na lamang dagat, kinakailangan ang madaliang hakbang upang maipaabot sa kaalaman at mabigyang babala ang mga mamamayan sa epekto na dulot nito;

**SAPAGKAT,** ang Tanggapan ng Pangkalusugan at Tanggapan ng Kaalamang Pampubliko ang naangkop na tanggapan upang magsagawa ng nararapat na hakbang sa pagbibigay babala sa mamamayan habang hindi naaalis ang pangkalahatang pagbabawal (total ban) sa paghango, pagtitinda o pagbibili, pagbibiyahe at pagkain ng lamang dagat ng National Inter-Agency on Red Tide Task Force;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ay buong pagkakaisang pinagpasiyahan na inaatasan ang Tanggapan ng Pangkalusugan at Tanggapan ng Kaalamang Pampubliko sa pamamagitan ng Punonglungsod na magsagawa ng madaliang hakbang upang ipatupad ang pagbabawal ng pagtitinda o pagbibili, pagbibiyahe at pagkain ng tahong, halaan, talaba at iba pang kauring lamang dagat (shellfish) na hinahango sa kabuuan ng area ng Manila Bay habang hindi naaalis ang pangkalahatang pagbabawal (total ban) na ipinalabas ng National Inter-Agency on Red Tide Task Force.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika - 1 ng Hulyo, 1996 sa ginanap na ika-45 Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES**<br>Konsehal | **KGG. DANTE S. ALMARIO**<br>Konsehal |
| **KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**<br>Konsehal | **KGG. VICTOR L. ULANDAY**<br>Konsehal |
| **KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>Konsehal | **KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**<br>Konsehal |

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-25-25
(local 51) 842-26-64
Fax No. 842-61-96

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong-Barangay

**B A K A N T E**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Pansamantalang Pangulong Opisyal

**PINATUTUNAYAN:**

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

Pinagtibay:

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa : 7/31/96